



# PATNUBAY SA MISA



2 Mayo 2021

Ika-5 Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

Taon B

## Ang Pananatiling Kaugnay ni Kristong Tunay na Puno ng Ubas

**T**ayo ay nagdiriwang ng Ikalimang Linggo ng Muling Pagkabuhay. Maraming mga bata ang nawala dahil bumitaw sa pagkakakapit sa kamay ng kanilang magulang. Mahalaga sa kaligtasan ng mga batang maliliit ang manatiling nakakapit sa kamay ng kanilang ama, ina, o nakatatandang kapatid. Si Kristo ang tunay na puno ng ubas. Mahalaga sa isang alagad na manatiling kaugnay niya. Ang mapahiwalay sa kanya ay nangangahulugan ng pagkawala, pagkamatay, at kapahamakang walang hanggan. Manatili nawa tayong kaugnay ni Kristo upang ang biyaya ng kanyang Muling Pagkabuhay ay laging dumaloy sa ating mga buhay.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Bagong awit ay ialay sa ating Poong Maykapal. Tanang bansa'y nakinabang sa kanyang kapangyarihan. Aleluya, s'ya'y idangal!**

#### Pagbati

**P** –Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong tunay na puno ng ubas, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B** –At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P** –Madalas tayong nahihirapang manatiling kaugnay ng ating Panginoong Muling Nabuhay. Humingi tayo sa kanya ng awa at habag para sa ating pagtiwalag at paglayo sa kanya. (Manahimik saglit.)

**P** –Para sa aming kakulangan ng

sigla sa pananampalatayang ikaw ang pinagmumulan ng aming buhay at kaligtasan, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa aming kawalan ng pagtanggap sa katotohanang ang iyong Muling Pagkabuhay ang nagdudulot sa amin ng lakas at pag-asa sa buhay, Kristo, kaawaan mo kami!

**B** –Kristo, kaawaan mo kami!

**P** –Para sa aming kahinaan ng loob na magbagong-buhay at maging tagapamahagi ng Mabuting Balita ng kaligtasan, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B** –Amen!

#### Papuri

**B** –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupu-

ri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

#### Panalanging Pambungad

**P** –Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos ay tunguhan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob, upang sa

pagsampalataya sa Anak mong si Kristo, makamtan ang kalayaan at pamana sa piling mo, sa pama-magitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**

**PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS**



**Unang Pagbasa Gw 9:26-31**

*Ang ating Unang Pagbasa ay naglalarawan ng bunga ng pagbabagong-loob ni San Pablo. Nawa'y ang kanyang sigasig sa pagpapatotoo kay Kristong Muling Nabuhay at ang kanyang tapang sa harap ng panganib sa kanyang sariling buhay ay atin ding matularan.*

**L–** Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Noong mga araw na iyon: Pagdating ni Saulo sa Jerusalem, sinikap niyang mapabilang sa mga alagad doon. Ngunit ang mga ito ay takot sa kanya, at hindi makapaniwalang isa na siyang alagad.

Subalit isinama siya ni Bernabe sa mga apostol. Isinalaysay niya sa kanila kung paano napakita ang Panginoon kay Saulo at nakipag-usap dito nang ito'y nasa daan. Sinabi rin niyang si Saulo'y buong tapang na nangaral sa Damasco, sa pangalan ni Hesus.

At mula noon, si Saulo'y kasama-sama nila sa Jerusalem, at buong tapang na nangangaral doon sa pangalan ng Panginoon. Nakipag-usap din siya at nakipagtalo sa mga Helenista, kaya't tinangka nilang patayin siya. Nang malaman ito ng mga kapatid, dinala nila si Saulo sa Cesarea at pinauiw sa Tarso.

Kaya't naging matiwasay ang simbahan sa buong Judea, Galilea at Samaria. Ito'y tumatag at lumaganap sa tulong ng Espiritu Santo at namuhay na may pagkatakot sa Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!  
**B – Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan Awit 21**

**B – Pupurihin kita, Poon, ngayong kami'y natitipon!**

*R. M. Velez*

Pu-pu- ri-hin ki-ta, Po- on, nga-

yong ka-mi'y na-ti---ti---pon!

\* Sa harap ng masunuring mga lingkod mong hinirang, ang handog na panata ko ay doon ko iaalay. Magsasawa sa pagkain yaong mga nagdarahop, aawit ng pagpupuri ang sa Diyos ay dudulog; buhay nila ay uunlad, sasagana silang lubos. **B.**

\* Sa dakilang Panginoon, ang lahat ay magbabalik, ang lahat ng mga lahi ay sasambang may pag-ibig. Mangangayupapang lahat ang palalo't mayayabang, ang lahat ng mga tao ay yuyuko sa Maykapal, ang narito sa daigdig na nilikhang mamamatay. **B.**

\* Maging lahing susunod pa ay sasamba't maglilingkod, at may-roong mangangaral sa kanila tungkol sa Diyos. Sa lahat ng sisilang pa'y ganito ang ihahayag, "Sa hinirang niyang bansa ay Panginoon ang nagligtas." **B.**

**Ikalawang Pagbasa 1 Jn 3:18-24**

*Hinihimok tayo ng ating Ikalawang Pagbasang umibig, hindi lamang sa salita, kundi pati na rin sa gawa. Ang pag-ibig na ito ang magdudulot sa atin ng kapanatagan ng budhi. Malasap nawa natin ang kapayapaan ng loob na ating hinahanap.*

**L–** Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

Mga anak, huwag tayong umibig sa pamamagitan ng salita o wika lamang. Ipakita natin ang tunay na pag-ibig sa pamamagitan ng gawa. Dito natin makikilalang tayo'y nasa panig ng katotohanan, at mata-tahimik ang ating budhi sa harapan ng Diyos sakali mang tayo'y usigin niyon. Sapagkat ang Diyos ay higit sa ating budhi at alam niya ang lahat ng bagay.

Mga minamahal, kung hindi tayo inuusig ng ating budhi, panatag ang ating loob na makalalapit sa Diyos. Tinatanggap natin ang anumang ating hingin sa kanya, sapagkat sinusunod natin ang kanyang mga utos at ginagawa ang nakalulugod sa kanya.

Ito ang kanyang utos: manalig tayo sa kanyang Anak na si Hesus-kristo, at mag-ibigan, gaya ng iniutos ni Kristo sa atin. Ang sumusunod sa mga utos ng Diyos ay nananatili sa Diyos, at nananatili naman sa kanya ang Diyos. At sa pamamagitan ng

Espiritung ipinagkaloob niya sa atin ay nalalaman nating nananatili siya sa atin.

Ang Salita ng Diyos!  
**B – Salamat sa Diyos!**

**Aleluya Jn 15:4a.5b**

**B – Aleluya! Aleluya!**  
Sa Poon ay manatili, siya'y sa atin lalagi. Mamungang maluwalhati.  
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita Jn 15:1-8**

*Si Kristo ang Simula at Kata-pusan ng ating kasaysayan, ang tanging Tagapamagitan sa Diyos at sa tao, ang Panulukang-Bato ng Simbahan, at ang tunay na Puno ng Ubas. Ang mabuhay nang kaugnay niya ang susi sa maligayang buhay at sa tiyak na kaligtasan. Huwag nawa tayo malayo kay Kristo sa ating buong buhay.*

**P–** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan  
**B–** Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad:

"Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang tagapag-alaga. Pinuputol niya ang bawat sangang hindi namumunga; at kanya namang pinuputulan at nililinis ang bawat sangang namumunga upang lalong dumami ang bunga.

Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi ko sa inyo. Manatili kayo sa akin at mananatili ako sa inyo. Hindi makapamumunga ang sangang hindi nananatiling nakakabit sa puno. Gayon din naman, hindi kayo makapamumunga kung hindi kayo mananatili sa akin. Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang namumunga nang sagana; sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin. Ang hindi nananatili sa akin ay itatapon at matutuyo, gaya ng sanga. Ang gayong mga sanga ay titipunin at susunugin.

Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang mga salita ko, hingin ninyo ang inyong maibigan, at ipagkaloob sa inyo. Napararangalan ang Ama kung kayo'y namumunga nang sagana at sa gayo'y napatutunayang mga alagad ko kayo."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B –** Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

## Homiliya

### Sumasampalataya

**B**—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P**—Hingin natin sa Diyos na lumakas ang ating pananalig sa muling pagkabuhay ni Kristo at manatiling kaugnay niya bawat araw ng ating buhay. Ang ating sasambitin ay:

**B**—Amang nag-uugnay sa amin kay Kristo, dinggin Mo kami!

\* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang manatili silang laging kaugnay ni Hesus at nang mapadaloy nila sa kanilang kawan ang biyayang dulot ng Muling Pagkabuhay ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa lahat ng ating mga kababayan, upang sa taong ito ng pagdiriwang ng ika-500 taong pagdating ng pananampalatayang Kristiyano sa ating bansa ay maging masigasig ang ating pagpapatotoo kay Kristong Muling Nabuhay sa bahaging ito ng daigdig, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang maunawaan nila ang katungkulang ipinatong sa kanilang mga balikat ng Diyos

at nang mapagaan nila ang hirap na pinagdaraan ng ating mga kababayan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga taong napahiwalay kay Kristong tunay na Puno ng Ubas, upang manumbalik ang kanilang pagtitiwala sa Poong Maykapal at mapasakanila ang masaganang biyayang-kaligtasang handog ni Hesus, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito, upang lumakas ang ating pakikipag-ugnayan kay Kristong Muling Nabuhay at sumagana ang ating pagdadamay sa panahong ito ng hirap at pagsubok, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P**—Ama naming muling bumuhay kay Hesukristo mula sa kamatayan, isugo Mo sa amin ang Espiritu Santo upang lalong sumagana ang aming pakikipag-ugnayan sa tunay na Puno ng Ubas, ang Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

**B**—Amen!

### PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



**P**—Manalangin kayo . . .

**B**—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P**—Ama naming Lumikha, sa paghahain ng banal na pagpapalitan ng iyong mga kaloob at ng aming alay, kami'y pinapagsasalo mo sa iyong buhay na namumukod-tangi at walang kapantay. Ipagkaloob mong ang aming pakikinabang sa iyong pakikisamang aming maaasahan ay siya ring umiral sa aming pamumuhay araw-araw, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**—Amen!

### Prepasyo ng Pagkabuhay II

**P**—Sumainyo ang Panginoon!

**B**—At sumaiyo rin!

**P**—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

**B**—Itinaas na namin sa Panginoon!

**P**—Pasalamatan natin ang Panginoon at ating Diyos!

**B**—Marapat na siya ay pasalamatan!

**P**—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Sa paghahain ng sariling buhay at sa pagkabuhay ng Anak mong mahal, nabuksang ganap ang iyong tahanan at kaming pinaghaharian mo'y naging kasambahay. Sa pagkamatay niya sa krus, nalupig ang kamatayan. Sa kanyang pagkabuhay, naging buhay siya ng tanan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B**—Santo, santo, santo . . .

### Pagbubunyi

**B**—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

### PAKIKINABANG



**B**—Ama namin . . .

**P**—Hinihiling namin . . .

**B**—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B**—Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

#### Paanyaya sa Pakikinabang

**P**—Ito si Hesus, ang bukal ng ating buhay, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga



inaanyayahan sa kanyang piging.  
**B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

**Antipona ng Pakikinabang**

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Ako ang puno ng ubas, kayo’y aking sangang lahat. Ang manatiling matapat, magbubunga nang marapat. Aleluya sa Mesiyas!**

**Panalangin Pagkapakinabang**

**P –**Ama naming mapagmahal, manatili kang kapiling ng iyong sambayanan na ngayo’y pinapakinabang mo sa iyong sariling buhay at gawin mong kami’y pasulong na makahakbang mula sa dati naming pagkamakasalanang patungo sa pagbabagong nagdulot ng iyong kabutihan, sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B – Amen!**

**PAGWAWAKAS**



**P –**Sumainyo ang Panginoon.

**B –**At sumaiyo rin!

**P –**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B – Amen!**

**P –**Tapos na ang Misa. Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo.

**B –**Salamat sa Diyos!

**Ang Apostolikong Liham ni Papa Francisco (PATRIS CORDE) sa Ika-150 Taon ng Pagpapahayag kay SAN JOSE bilang Tagapagtanggol ng Buong Simbahan**  
(P. René T. Lagaya, SDB)

**Ikatlong Bahagi: Ang Masunuring Ama**

**K**ung ano ang ginawa niya kay Maria ay ganoon din ang ginawa ng Diyos kay Jose; ibinunyag Niya sa kanya ang Kanyang plano ng kaligtasan. Ang ginamit na paraan ng Diyos ay ang panaginip. Sa Bibliya at sa mga tao noong una, ang panaginip ay isa sa mga paraan ng Diyos para ipahayag ang Kanyang mga nais.

Talagang naguluhan si Jose sa mahiwagang pagdadalang-tao ni Maria. “Ayaw niyang mapahiya si Maria, kaya ipinasiya niyang hiwalayan ito nang lihim” (Mateo 1:19). Sa unang panaginip, tinulungan siya ng anghel na lutasin ang mabigat niyang suliranin: “Huwag kang matakot na tuluyang pakasalan si Maria, sapagkat siya’y naglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Manganganak siya ng isang lalaki at ito’y panganganlan mong Hesus, sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan” (Mateo 1:20b-21). Kaagad ang pagtugon ni Jose: “Nang magising si Jose, sinunod niya ang utos ng anghel ng Panginoon” (Mateo 1:24a). Ang kanyang pagiging masunurin ang siyang tumulong sa kanyang lampasan ang kanyang mga paghihirap at iligtas si Maria.

Sa ikalawang panaginip, sinabihan ng anghel si Jose: “Magbangon ka, dalhin mo agad sa Egipto ang magina. At huwag kayong aalis doon

hangga’t hindi ko sinasabi sa iyo, sapagkat hahanapin ni Herodes ang sanggol upang patayin” (Mateo 2:13). Hindi nag-atubili si Joseng sumunod, kahit mahirap ito: “Kaya dali-daling bumangon si Jose at nang gabing iyo’y dinala sa Egipto ang magina. Doon siya tumira hanggang sa mamatay si Herodes” (Mateo 2:14-15). Sa Egipto, hinintay ni Jose ang pasabi ng anghel na ligtas nang umuwi.

Sa ikatlong panaginip, sinabihan siya ng anghel na ang mga nagtangkang pumatay sa bata ay patay na. Kaya siya ay inutusan nitong bumangon at iuwi “na sa Israel ang magina” (Mateo 2:20b). Kaagad namang sumunod si Jose: “Nagbangon siya at iniuwi nga sa Israel and magina” (Mateo 2:21). Sa kanyang pag-uwi, “nang mabalitaan niyang si Arquelao ang naghahari sa Judea, kahalili ng kanyang amang si Herodes, siya’y natakot na pumunta roon. Muli siyang sinabihan sa panaginip” – ang ikaapat na ulit – “kaya’t nagtungo siya sa Galilea. Sa Nazaret sila naniarahan” (Mateo 2:22-23a).

Para kay San Lucas naman, si Jose ay naglakbay nang malayo at mahirap mula Nazaret hanggang Betlehem upang magpatala sa kanyang bayang sinilangan ayon sa utos ni Emperador Cesar Augusto. Doon isinilang si Hesus, at ito ay naisulat, tulad ng pagsilang ng ibang bata, sa talaan ng Emperyo. Mahalaga kay San Lucas na tupdin ng mga magu-

lang ni Hesus ang lahat ng ipinag-utos ng Kautusan: ang pagtutuli kay Hesus, ang paglilinis kay Maria makalipas ang panganganak, at ang pag-aalay ng panganay na anak sa Diyos. Sa bawat pagkakataon, tumalima si Jose sa kalooban ng Diyos, tulad ni Maria sa pagbabalita sa kanya ng anghel at tulad din ni Hesus sa Halamanan ng mga Olibo. Bilang pinuno ng mag-anak, tinuruan ni Jose si Hesus na maging masunurin sa kanyang mga magulang ayon sa utos ng Diyos. Sa mga taon ng lihim na buhay ni Hesus sa Nazaret ay natuto siya sa paaralan ni Jose natupdin ang kalooban ng Ama. Ito ang kanyang pang-araw-araw na pagkain. Kahit sa mga pinakamahirap na sandali ng kanyang buhay, sa Getsemani, pinili ni Hesus na tupdin ang nais ng Ama at hindi ang kanyang sariling ninanais. Siya “ay naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus” (Filipos 2:8b). Ang sumulat ng Liham sa mga Hebreo ay nagsabing “natutuhan niya ang tunay na kahulugan ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtitiis” (Hebreo 5:8b).

Sa lahat ng ito ay malinaw na si San Jose ay tinawag ng Diyos upang maglingkod sa pagkatao at sa gawain ni Hesus sa pamamagitan ng kanyang pagiging ama. Sa paraang ito ay nakipagtulungan siya, sa takdang panahon, sa pagsasakatuparan ng dakilang balak ng kaligtasan at naging isang tunay na katulong sa pagdadala ng kaligtasan sa sangkatauhan.



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua